

PHOTO: MELINDA DONNELLY / USAID OCEANS

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

SEAFDEC

# THE OCEANS AND FISHERIES PARTNERSHIP

Oceans and Fisheries Partnership ay nakikipagtulungan upang palakasin ang pangrehiyong kooperasyon laban sa iligal,hindi natatala at walang regulasyong pangingisda (IUUF) at mapangalagaan ang likas yamang dagat sa rehiyong Asya-Pasipiko.

## PAGTATALA AT PAGTUNTON NG PINANGGALINGAN AT PINATUNGUHAN NG MGA HULING ISDA (CATCH DOCUMENTATION AND TRACEABILITY)

Matatagpuan sa Timog-Silangang bahagi ng Asya ang isa sa pinakamayamang marine ecosystems sa buong mundo. Dulot nito ay kabuhayan at pagkain para sa mahigit 200 milyong kataong naninirahan sa rehiyong ito; subalit, dahil sa mapanira at hindi sustenableng pamamaraan ng pangingisda ay lubhang nalalagay sa panganib ang yamang karagatan, seguridad sa pagkain at maging ang kabuhayan ng mga tao. Oceans and Fisheries Partnership ay sumusuporta sa paglinang ng isang malinaw at epektibong sistema ng pagtatala at pagtunton ng pinanggalingan at pinatunguhan ng mga huling isda upang tiyakin na ang mga yamang katubigan ay nahuli sa pamamaraang ligal at may wastong pagkakatala. Pinalalakas ng sistemang ito ang malinaw at wastong paggamit at pagpapalitan ng tamang impormasyon upang masiguro na ang mga impormasyong nakalap ay naayon sa itinakdang regulasyon ng merkado.  Ang sistemang ito ay idinisenyo upang isulong hindi lamang ang sustenableng panghuhuli ng isda sa Timog-Silangang Asya at sa rehiyong Pasipiko kundi pati na rin ang mahusay na pangangasiwa sa pangisdaan.

## BIODIVERSITY AT MAUNLAD NA PANGISDAAN (BIODIVERSITY AND SUSTAINABLE FISHERIES)

Ang pagtatala at pagtunton ng pinanggalingan at pinatunguhan ng mga huling isda ay nakakatulong sa pamahalaan at industriya ng pangisdaan upang mabantayan at mapigilan ang iligal at walang habas na pangingisda at paggamit ng yamang pangisdaan. Sa pamamagitan ng sistemang ito ay mapaiigting ang mga batas sa pangangasiwa ng mga likas na yamang tubig upang maiwasan ang tuluyang pagkasira at pagkaubos ng mga ito. USAID Oceans ay sumusuporta sa pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan sa pangangasiwa ng pangisdaan gamit ang mga makabago at napapanahong pamamaraan. Ang samahan ay gumagabay rin sa pagbuo ng mga polisiya sa regulasyon at pag-usad ng mga plano sa pangangasiwa ng pangisdaan mula sa masusing pagsasaliksik at datos ng mga huling isda.

*(continued on reverse)*

## UGNAYANG PUBLIKO-PRIBADO AT PAMUMUHUNAN (PUBLIC-PRIVATE PARTNERSHIP AND INVESTMENT)

And USAID Oceans ay nakikipagtulungan sa mga kasapi ng sektor ng pangisdaan, sa mga gobyerno at pamahalaan, mga institusyong pangrehiyonal at pribadong sektor upang gawing malinaw ang daloy ng mga produkto at serbisyong pampangisdaan at mapanatiling sustenable ang mga pamamaraan para sa pagpapa-unlad nito. Sa pakikipagtulungan ng seafood industry, mga mangangalakal at sektor ng teknolohiya, nailalapat ng USAID Oceans ang kanilang pagpupursigi na padaluyin ang mga proyekto base sa kasalukuyang kondisyon ng merkado. Ang samahan ay kumikilos upang palakasin ang pamumuhunan ng pribadong sektor para sa ikalalalim ng epekto ng sistema ng pagtatala at pagtunton ng pinaggalingan at pinatunguhan ng mga huling isda at pangangalaga sa yamang dagat sa rehiyon ng Asya-Pasipiko.

## KAPAKANANG PANTAO AT KASARIAN (HUMAN WELFARE AND GENDER)

Ang sektor ng pangisdaan ay pinagtutuunan ng pansin dahil sa malala at hindi makataong kondisyon ng mga mangagawa bunga ng IUU Fishing, pag-unti ng isda sa karagatan at kawalan ng sistematikong pamantayan ng paggawa sa rehiyon. Ang USAID Oceans ay naghahanap ng mga pamamaraan upang mapabuti ang kondisyon ng paggawa at maisulong ang pagkakapantay-pantay ng bawat kasarian sa pamamagitan ng pagtataguyod ng iba't ibang programa kabilang na ang sistema ng Pagtatala at Pagtunton ng Pinanggalingan at Pinatunguhan ng mga Huling Isda. Layunin din ng samahan ang magbigay-kaalaman sa mga karatig rehiyon tungkol sa makataong pagtrato sa mga manggagawa at paggamit ng wastong datos upang masolusyunan ang suliranin dito.

Mga Katuwang - Oceans and Fisheries Partnership ay isang programa ng USAID Regional Development Mission for Asia na isinasagawa ng Tetra Tech ARD, sa pakikipagtulungan ng Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) at Coral Triangle Initiative for Coral Reefs(CTI-CFF). USAID Oceans ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang pandaigdigang samahan, kasama ang pambansa at lokal na pamahalaan, non-governmental organizations (NGOs), seafood industry at iba pang mga pribadong organisasyon.

Ang USAID Oceans ay nakikipagtulungan sa pamahalaan ng Pilipinas at pamahalaan ng Indonesia upang magpatupad ng sistema ng Pagtatala at Pagtunton ng Pinanggalingan at Pinatunguhan ng mga Huling Isda sa ilang piling lugar katulad ng lungsod ng General Santos sa Pilipinas at sa Bitung sa Indonesia. Ang samahan ay nakikipagtulungan rin sa Samahan ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya (ASEAN) at mga bansang kasapi ng CTI upang isakatuparan ang proyektong ito.

Kabilang sa mga katuwang ng USAID Oceans ay ang National Oceanic and Atmospheric Administration; ang U.S. Department of the Interior; ang UN Food and Agriculture Organization (UN-FAO) ; Verite; at ang pamahalaan ng Sweden.

MAKIPAG-UGNAYAN KAY

Cristina Vélez-Srinivasan, USAID RDMA

Athenee Tower, 25th Floor, 69 Wireless Road, Lumpini, Patumwan, Bangkok, Thailand.

Telepono: +66-2-257-3000 Fax:: +66-2-2573099

Email: ***info-rdma@usaid.gov***

***http://www.usaid.gov/asia-regional***